PAHAYAGAN NG Kabitenyo
In God We Trust
ISSN-1656-0558
VOL. 21 NO. 31 SEPTEMBER 26 - OCTOBER 2, 2022 10.00

# MPT South, government agencies collaborate for National Tourism month

**TRECE MARTIRES CITY, Cavite, (PIA)— The Metro Pacific Tollways South (MPT South) collaborated with the Department of Tourism CALABARZON (DOT Calabarzon) and the Department of the Interior and Local Government Region 4-A (DILG IV-A) for the celebration of the National Tourism Month this September 2022 thru "Biyaheng South" Experiential Tour.**

Co-presented by Millennial Resorts Corporation and with sponsors GAC Motor Philippines and The Adventure, MPT South brought its 'Ka-Biyaheros' that comprised of online content creators (Explore With Chelo PH, Hungry Byaheros, Lakwatsero Caviteno, All About Cavite, The Hungry Traveler PH, GO Cavite, GO Tagaytay, GO Batangas, and GO Philippines) and lifestyle media partners (TripZilla and Lifestyle Inquirer) for a two-day ultimate road trip experience headed towards the different tourist destinations in the progressive provinces of South, easily accessible via the Cavite-Laguna Expressway (CALAX) toll road network.

Department of Tourism Calabarzon, Regional Director Marites Castro stated, "Cavite and Batangas are blessed to have many open-air, nature, arts, and culture-based tourism products that our domestic travellers would like to experience when traveling amid the pandemic. And best of all, these tourism destinations and attractions can be accessed quickly and conveniently from Metro Manila through land travel via the Cavite-Laguna Expressway (CALAX), which is the most ideal way to travel south. It is with the hope that the partnership forged between DOT IV - A and MPT South will promote a dynamic tourism service and enhance our economy through inclusive and sustainable development of tourism with the Biyaheng South Program."




Meanwhile, Ms. Arlette Capristrano, Assistant Vice President for Communication and Stakeholder Management Division of MPT South expressed her appreciation to all stakeholders who had exerted their efforts for the success of this project.

"We wanted to thank our partners, the Department of Tourism Region 4-A (DOT Calabarzon), the Department of Interior and Local Government Region 4-A (DILG 4-A), our co-presenter Millennial Resorts, and our sponsors GAC Motor and The Adventure for making this event possible. As we join the celebration of the National Tourism Month, MPT South is very hopeful for the fast recovery of the tourism sector in Region 4-A by providing accessible road and convenient travel to individuals, after lockdowns brought about by the pandemic," Ms. Capistrano said.

"By promoting domestic travel in Batangas through programs like Biyaheng South Experiential tour, Millennial Resorts and MPT South is helping the tourism industry recover from the challenges of the times," asserted Patrick C. Gregorio, Landco senior consultant for Hospitality and Tourism.

MPT South's "Biyaheng South" is an award-winning tourism pro-

SEE PAGE 6

## Cavite province undergoes local governance validation

TRECE MARTIRES CITY, Cavite, (PIA)-- Representatives from different departments of the Cavite Provincial Government participated in the 2022 Seal of Good Local Governance (SGLG) national and on-site validation recently conducted by the Department of the Local and Interior Government (DILG).




The activity was held at the Ceremonial Hall of the Provincial Capitol Building with Provincial Administrator for Community Affairs Head Mr. Alvin S. Mojica welcoming the DILG validators as well as the participants.

Cavite Governor Juanito Victor C. Remulla said in his message that, "SGLG is a means of validating Cavite province's performance and commitment. It is also a measure of its performance in the past years and the years to come."

Likewise, Vice Governor Athena Bryana Tolentino commented that such validations of governance would give greater impetus to local development thus, encouraging local communities to engage in and sustain capacity building towards excellence and local administration.

Mojica also disclosed that this was PGC's first shot at a national validation and expressed his enthusiasm for achieving the recognition due to the hard work and dedication of all employees to attain the goal.

DILG-Cavite Provincial Director Lionel L. Dalope also expressed hope that the NAT validators would recognize the hard work and dedication of Caviteños in public service and the leadership of the governor.

The NAT assessment team reviewed and validated the documents in the ten governance areas which include Financial Administration, Disaster Preparedness, Social Protection and Sustainability, Health Compliance and Responsiveness, Sustainable Education, Peace and Order, Environmental Management, Tourism Heritage Development, Culture and the Arts, Youth Development, and Business-Friendliness and Competitiveness.

Focal persons for each governance area and onsite validation in some provincial government offices were also conducted. (RBF/PIA-Cavite

## CASH GRANT PARA SA MGA PWD

Prayoridad ng pamahalaang panlalawigan ang pagtugon sa pangangailangan ng mga Person With Disability (PWD) sa kanilang lalawigan, sa tulong ng mga Non-Government Organization (NGO).

Noong Setyembre 20, limang (5) PWD ang nakatanggap ng P5,000 cash assistance mula sa Adaptive Technology for the Rehabilitation, Integration and Empowerment of the Visually Impaired (ATRIEV), matapos nilang sumailalim sa 23 araw na free online training tungkol sa Digital Business Basics.

Sa pamamagitan ng training na ito, nagkaroon ng kaalaman ang mga benepisyaryong PWD ukol sa pagsisimula ng sarili nilang negosyo at pag-promote nito gamit ang iba't ibang digital marketing technique. | via Cavite Provincial Information Office




ACCEPTING ADS - 0928-4682788/0922-3648349 * E-mail add: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com / pahayagancavite@gmail.com



### *Sakit sa puso at sakit sa dibdib; Sakit ng ulo*

*Payo ni Dr. Willie T. Ong*

Bilang isang espesyalista sa puso, sari-saring sakit sa dibdib ang kinukunsulta sa akin. Sa aking palagay, 80 per-cent ng mga sakit sa dibdib ay walang kinalaman sa puso. Paano ko nalalaman na hindi sa puso ang problema? Nahu-hulaan ito ng doktor sa pagkukuwento ng pasyente ng kan-yang nararamdaman.

Kung ang sakit sa dibdib ay parang tumutusok, hindi iyan sa puso. Kung ang sakit ay nasa kanang bahagi ng dibdib-, hindi rin iyan sa puso. Kadalasan ay nagmumula sa masel ng dibdib ang pagkirot. Baka natulog ka sa matigas na higaan. Baka nadaganan ni Mister. Baka nagbuhat nang mabigat at na i-sprain ang laman. Ang solusyon dito ay pa-hinga lamang.

May dalawa pang tanong para masuri kung galing sa puso ang pananakit. Una, kaya mo bang ituro ng isang daliri ang pananakit sa dibdib? Kapag naituro ng pasyente ito, hindi iyan sa puso. Ang sakit sa puso ay hindi maituro ng isang daliri.

Pangalawa, gaano ba katagal sumasakit ang iyong dibdib? Kapag wala pang isang minuto ang tagal ng sakit o dili kaya lampas 1 oras ang kirot, siguradong hindi iyan sa puso. Ang tunay na sakit sa puso ay mula 5 minuto hang-gang 15 minutos lamang.

Ano ba talaga ang sakit na galing sa puso? Ang sakit sa dibdib ay sinasabing mabigat at parang may nakadagan sa dibdib. Ang sakit ay tumatagal lang ng 5 hanggang 15 minutos. Dumarating ang sakit kapag napapagod, nag-lakad nang malayo o umakyat ng hagdan.

Madalas magkaroon ng sakit sa puso ang mga kalala-kihan, mula 50 edad pataas. Kung may katabaan, may dia-betes, o may lahi ng sakit sa puso, malaki ang tsansa na baka puso ang diperensiya. Sa ganitong sitwasyon, magpatingin sa doktor.

Pero kung bata ka pa naman, wala pang edad 30, lalo na kung babae ka, halos sigurado ako na hindi sa puso ang problema. Huwag mangamba. Magpa-check sa isang espesyalista sa puso kung kinakailangan.

* * *

Mga dahilan ng sakit ng ulo

Ito ang mga pinaka-madalas na nararamdaman ng mga pasyente.

1. Ang mga dahilan ng sakit ng ulo ay stress, depresyon, kaba, tension, lungkot, pag-aalala at galit.
2. Sumasakit din ang ulo kung nakakuba o poor posture, hindi aligned ang gulugod o spine, matigas ang mga masel sa balikat at arthritis. Kung may rayuma sa buto ng leeg at pagtigas ng panga o TMJ ay sasakit din ang ulo.
3. Sa migraine headache, ang mga pagkain na may tyramine ay maaaring magdulot ng sakit ng ulo tulad ng cocoa, tsokolate, keso, soy products, toyo, alak, vetsin, caffeine, preserved na karne na may nitrites gaya ng hotdogs, bacon, pepperoni.
4. Ang iba pang dahilan ng sakit ng ulo ay low blood sugar, pagdidiyeta, pagpupuyat, sobrang pagtatrabaho at ehersisyo.
5. Nakakasakit ng ulo ang pag-iiba ng klima o weather na kung minsan ay sobrang init o sobra naman lamig.
6. May mga gamot na kadalasan mayroong side effect kasama ang pagsakit ng ulo.
7. Kung bago o habang may regla at menopause.
8. Ang high blood pressure ay nakakasakit din ng ulo.
9. Lagnat o kaya naman nauntog.
10. May mga taong may irritants sa ilong tulad ng pabango, thinner, pintura, at rugby.

Isulat ito para matulungan ang doktor na malaman ang sanhi ng sakit ng ulo:

1. Magtala ng araw at oras ng sakit ng ulo; lokasyon, at kung gaano ito katagal.
2. I-rate ang sakit from 1-10
3. Ang dahilan na nakapagpa-trigger at pagkain na kinain
4. Kung may kasamang sintomas
5. Kung nasa lahi ng pamilya
6. Mga gawain o stress level
7. Menstrual cycle
8. Gamot na iniinom
9. Weather o Klima
10. Trabaho o ang mga ginagawa

Kumunsulta sa neurologist kung sobra ang sakit ng ulo, sobrang hilo, nagsusuka, walang balanse, may mataas na lagnat, at kung nawalan ng malay.

ARMYNAVY
BURGER + BURRITO

# EDITORYAL - Korapsiyon sagabal sa dayuhang investors

Nang magsalita si President Ferdinand Marcos Jr. sa New York Stock Exhange, sinabi niya sa mga investors na ang Pilipinas ay bright spot sa kanilang radar. Ibig sabihin, maliwanag, matatag at may malaking potensiyal ang Pilipinas para sa mga mamumuhunan. Ipinagmalaki ni Marcos ang paglago ng gross domestic product, umuunlad na kalagayan sa hanapbuhay, tumataas na manufacturing activity at ang pinalalakas na trade infrastructure. Inihayag din ng presidente ang mga bagong patakaran sa economic liberalization at ang pagluluwag sa foreign investment re-strictions.

Ang panghihikayat ni Marcos sa mga investor ay sinegundahan naman ng grupo ng mga negos-yante na nagsabing ang Pilipinas ang susunod na "higante sa Asia" na ang ibig sabihin, mangingiba-baw ang lakas at pag-unlad ng Pilipinas sa pamumuno ni President Ferdinand Marcos Jr. Sabi pa ng grupo, sinusuportahan nila ang pagsisikap at determinasyon ni Marcos para sa ikauunlad ng bansa at upang lalong maging matatag ang ekonomiya. Ma-kaaasa anila ang American investors sa lalo pang paglago ng kabuhayan sa Pilipinas sa pamumuno ni Marcos.

Harinawang ang mga panghihikayat sa mga da-yu--hang investors ay magbunga nang marami at dumagsa sa Pilipinas. Harinawang, mula sa pagkaka-lugmok ng ekonomiya dahil sa pananalasa ng CO-VID-19 ay mabilis na makabangon sa tulong ng mga dayuhan. Harinawang magbunga nang maraming trabaho ang pamumuhunan ng mga dayuhan.

Sinabi ni Marcos na magiging maluwag ang kan-yang pamahalaan sa mga dayuhang investors. Aalisin ang restrictions at iba pang mga sagabal sa pamumuhunan. Hindi pahihirapan at bagkus pada-daliin. Hindi paghihintayin.

Nararapat lamang na ganyan ang gawin. At isang dapat wasakin ng pamahalaang Marcos ay ang red tape sa pamahalaan. Kabi-kabila ang korapsiyon na bago makakuha ng permit para sa negosyo ay maraming pagdadaanang tao. At bawat tao ay ka-ilangang maglagay o magsuhol.

Kapag nawasak ni Marcos ang korapsiyon, dito magsisimulang umusad ang ekonomiya ng bansa.

**EDITOR'S NOTE:** All comments and opinions submitted by our contributing writers and herein published shall remain as personal opinion of our column writers. Viewliner shall not be held liable to any legal issues related to any commentaries that may appear herein.




DUGONG ALAY, DUGTONG BUHAY

PAHAYAGAN NG Kabitenyo
In God We Trust
ISSN-1656-0558
An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at Unit-D 147 Panapaan IV, P.F. Espiritu IV, Bacoor, Cavite 4102.
Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com
Email: pahayagancavite@gmail.com
Entered as Second Class Mail at Postal Region IV San Pablo City under Permit N0 200305 on May 27, 2003
PAPER.Ph MEMBER

**ERNA BALAGTAS ANCHETA**
Publisher

**DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.**
Editor-In-Chief

**DIOSAN MARUAL**
**KCEE NACION**
Marketing & Circulation Manager

**ATTY. EVELYN R. DOMINGUEZ**
Legal Counsel

| | |
|---|---|
| SUBSCRIPTION RATE : | P1,000.00/year |
| Advertising Rate : | P200.00/col. cm. |
| Legal Rate : | P160.00/col. cm. |

# DOT chief urges US investors to visit PH

MANILA – Tourism Secretary Christina Frasco has laid out anew the country's "holistic and comprehensive" plan to revive its once vibrant tourism industry, telling the international business community in New York that the Philippines is a destination ready to welcome visitors.

Joining the economic team at the Philippine Economic Briefing (PEB) on Sept. 22, Frasco said Manila would continue to focus on enhancing connectivity, convenience, and quality for a better travel experience in the Philippines.

The Philippines reopened its borders in February 2022 and joined major Asian destinations in easing restrictions, the most recent of which was the approval to make face masks outdoors optional.

"The President has clearly identified tourism as a major tool for the economic resurgence of the Philippines, stating that it can be the economic driver upon which we herald the Filipino Brand and at the same time create economic opportunity and livelihood all over the country," Frasco said.

She made an assurance that tourists' safety and security are also a top priority and that it has partnered with the Department of National Defense and the Department of the Interior and Local Government.

To provide tourists a platform in case of emergencies, she added that a tourist assistance call center is also set to be launched this year.

President Ferdinand Marcos Jr. himself has reiterated that tourism promotion is a priority under his administration as he recognizes it as a prime mover of the Philippine economy.

"We will also reinvigorate the tourism sector by investing in travel infrastructure and the promotion of the Filipino brand. With the Department of Tourism leading our efforts to revitalize both domestic and foreign tourism, we will ensure the safe reopening of tourist destinations and develop the Philippines' yet-to-be-discovered attractions," he said in his speech.



The PEB forum was organized to entice businesses from the United States and other countries to invest in the Philippines, dubbed as the first of its kind done by the country's economic team in North America.

During the forum held on the final leg of the President's visit to the United States, the Philippine Team highlighted the current economic status and accomplishments of the country.

The country's economic managers strategically illustrated the aspirations and plans of the current administration in its aim to bring the Philippines to an upper-middle income status economy by 2024, earlier than the administration's end of term in 2028.

Aside from PEB, Frasco on Sept. 22 also took her listening tours in the United States and engaged with tourism stakeholders and Filipino-American regional associations who raised the need to strengthen the marketing and promotional campaign "to drive up more tourists and make the country top-of-mind".

Frasco, meanwhile, expressed the DOT's commitment to promoting new and existing tourism product portfolio, particularly the country's film tourism and the arts.

She said DOT would extend any possible support to stakeholders catering to niche travel groups and markets including high-impact or upscale travelers, students and youth, wellness, meetings, incentives, conferencing, and exhibitions.

Among the associations and companies represented during the meeting were Cagayan de Oro-Misamis Oriental Association of New York, Inc.; Cathay Pacific; CEBU Inc.; Fiesta in America; GTT Travel; Korean Air; J3 Marketing and Productions; SAF Travelworld Inc.; Skal International New York; StudentUniverse; St. Michael & Company; Philippine Airlines.



Matagumpay pong isinagawa ang Ceremonial Planting dito sa ating lungsod sa pangunguna ng City Agriculture Services Office (CASO).

Ang adhikain po nito ay ang patuloy na pagsulong ng Urban Gardening para sa lahat ng mga proyekto at programa sa Food Production sa lungsod ng Imus.

Dahil po riyan, tayo po ay gumawa ng Demonstration Farm and Plant Propagation Area sa likod ng Ospital Ng Imus, malapit sa ating New Government Center.

Tunay nga pong kalusugan ang ating kayamanan, kaya't hinihikayat ko po ang bawat pamilyang Imuseño na magtanim ng gulay sa inyong mga tahanan.

## GUHIT NG KAPALARAN

VIRGO: (Ago. 23-Set.23) Mapapansin mo ang unti-unting panlalamig ng kaibigan o minamahal. Kung hindi mo alam ang dahilan, walang masama kung tanungin siya para magkaliwanagan. Daanin sa diplomasya ang pakikipag-usap ng walang masaktang damdamin. Lucky numbers at color for the day ang 13, 21, 34, 42 at brown.

LIBRA: (Set. 24-Okt. 23) Malaki ang iyong pagkukulang sa pamilya o minamahal, kaya siguro panahon na upang makabawi. Lucky numbers at color for the day ang 11, 14, 27, 40 at tangerine.

SCORPIO: (Okt. 24-Nob. 22) Pag-isipan ng mabuti ang ginagawa para hindi tuluyang magkamali. Mag-ingat sa pagsasalita o sa pag-gawa. Lucky numbers at color for the day ang 17, 26, 30, 39 at red.

SAGITTARIUS: (Nob. 23-Dis. 21) Masakit man, ngunit huwag balewalain ang pangaral sa'yo. Ang mungkahi o suhestiyon ay dapat isaalang-alang. Lucky numbers at color for the day ang 16, 17, 34, 40 at beige.

CAPRICORN: (Dis. 22-Ene. 19) Mayroon ka ngayon, huwag magtaka kung ikaw ay lalapitan at hingian ng tulong. Magbigay para lalong managana. Lucky numbers at color for the day ang 7, 11, 37, 42 at emerald green.

AQUARIUS: (Ene. 20-Peb. 18) Kung paiiralin ang pagkamahiyain, talo ka dahil hindi mo masasabi ang gusto mong sabihin. Magpakatapang. Lucky numbers at color for the day ang 19, 28, 36, 39 at pink.

PISCES: (Peb. 19-Mar. 20) Kung daragdagan ang pagtitiyaga at pagsisikap, makakamit ang iyong minimithi. Abot-kamay ang tagumpay. Lucky numbers at color for the day ang 1, 11, 22, 37 at maroon.

ARIES: (Mar. 21-Abr. 19) Kung may lalakarin, gawin pagkalipas ng tanghalian para hindi mabigo. Pag-isipan itp ng mabuti. Lucky numbers at color for the day ang 17, 28, 32, 39 at peach.

TAURUS: (Abr. 20-May. 20) Madadamay ka sa mga tao na negatibo ang enerhiya, kung hindi ka magiging matatag sa iyong prinsipyo. Mag-ingat. Lucky numbers at color for the day ang 11, 19, 25, 34 at white.

GEMINI: (May.21-Hun. 21) Ituloy ang binabalak dahil magiging positibo ang kalalabasan. Nasa tamang landas ang iyong tagumpay. Kilos agad. Lucky numbers at color for the day ang 16, 24, 28, 44 at green.

CANCER: (Hun. 22-Hul. 22) Hindi maganda ang araw para sa iyo, ngunit kung magiging mahinahon, makakaraos. Mag-relax. Lucky numbers at color for the day ang 12, 29, 35, 37 at light green.

LEO: (Hul. 23-Ago. 22) Huwag hayaan kung may problema na hindi maresulba, dahil lalong lalaki kung mapapabayaan. Lucky numbers at color for the day ang 19, 26, 36, 41 at mint green.

PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
In God We Trust
ISSN-1656-0558
VOL. 21 NO. 31 SEPTEMBER 26 - OCTOBER 2, 2022 10.00

## MTRCB, HUMINGI NG TULONG SA KONGRESO UPANG I-REGULATE ANG MGA ONLINE STREAMING SERVICES

Ang Movie and Television Review and Classification Board (MTRCB) ay humihingi ng tulong sa Kongreso upang magkaroon ng awtoridad na i-regulate ang mga online streaming services, ayon ksa budget sponsor ng MTRCB sa House of Representatives na si Cavite 5th District Rep. Roy Loyola.

Sinabi ni Loyola ang naturang pahayag noong Miyerkules matapos ibahagi ni ACT Teachers Party List Rep. France Castro ang pagkabahala sa paglaganap ng mga marahas at seksing pelikula sa mga online platform.

"The proliferation of violent and sexy films with the themes that are borderline soft core pornography, streaming in various online platforms, has become alarming. Are you monitoring din po 'yung mga Netflix at 'yung mga Vivamax?" tanong ni Castro sa naturang pagpupulong.

"This kind of media content, portraying women as sexual objects reinforces a culture of misogyny and sexism in the country, and it might lead to yet another spike of cases of violence against women. Ironically, this is also reminisicent of bomba films used to distract the Filipinos from crisis during the martial law era," dagdag pa niya.

Sinagot naman ito ni Loyola at sinabing, "The MTRCB has no power over these kinds of social media outfit. The MTRCB is seeking the help of this august chamber to amend the law, so that this kind of exhibition, using the modern technology can be covered by the agency."

"Namo-monitor po, ang problema wala silang kapangyarihan. Hindi po sakop ng kanilang mandate. Kasi noong itinayo ang MTRCB in 1985, wala pa po tayong Netflix, wala pa po tayong internet, wala pa po tayong digital livestreaming pa po. Kaya kailangan po na ating maamyendahan ang batas na ito, para makatugon sa panahon," pagpapatuloy niya.

Sinabi ni Loyola na ang MTRCB ay kasalukuyang bumubalangkas ng isang panukalang batas upang palawakin ang kanilang hurisdiksiyon at masakop ang mga naturang social media platform.

Nagpahayag naman si Castro ng pagpayag na itulak ang panukalang batas sa mababang Kapulungan.

"So they can monitor and apprehend those who will violate the policy of the agency," ani Loyola.

Source: ABS CBN

## TULONG PANGKABUHAYAN PARA KAY GOPI! ?

Matapos magviral ang kwento ng Grade 11 student na si Gurprit Paris D. Singh o Gopi, na naglalako ng taho bago pumasok sa eskuwela sa bayan ng Tanza, ay kaagad siyang inabutan ng tulong ng mga kababayan natin na humanga sa kanyang dedikasyon sa buhay.

Nito lamang ay tumanggap siya ng bagong tricycle mula sa Team JRP Thailand bilang tulong sa kanyang paghahanap buhay o paglalako.

Sa tulong ng bagong tricycle ay mas magkakaroon na ng oras si Gopi na makapag-aral dahil hindi na siya mapapagod sa pagpasan ng itinitindang taho.

Bukod pa sa sasakyan ay tumanggap rin siya ng mga grocery package mula sa mga tumulong sa kanya.

Labis naman ang tuwa ng estudyante na napaiyak sa mga natanggap at hindi inakala na sa tulong ng social media ay mabibigyan siya lalo ng inspirasyon upang ipagpatuloy ang pag-aaral.

DESERVE MO YAN, GOPI! HANGA KAMI SA IYONG KASIPAGAN FUTURE ENGINEER! ???? Source/Photos: Balitang Tanzeño, Sid Samaniego



## WFH SETUP, MULING ISINUSULONG UPANG MAIBSAN ANG LUMALALANG TRAPIKO SA BANSA



Muling isinulong ni Sen. Win Gatchalian ang pagbabalik ng work-from-home (WFH) setup para sa ilang kumpanya dahil ito umano ay isa sa mga nakikitang solusyon upang maibsan ang lumalalang problema sa trapiko ng bansa.

Batay sa isinagawang pananaliksik ng isang insurance technology site na GoShorty, lumabas na ang mga manggagawang Pinoy ay inaabot ng 98 oras o katumbas ng mahigit sa 4 na araw na naiipit sa trapiko sa kalakhang Maynila taon-taon.

Upang mahikayat ang mga kumpanya na muling magpatupad WFH arrangements, kailangan umanong magbigay ng gobyerno ng tax incentives para sa mga magpapatupad ng nasabing programa, ani Gatchalian.

"We want to incentivize those who opt-in to this program because of the great benefits it will have on our people," pahayag ng senador.

Sa ilalim ng Senate Bill 1149 na inihain ni Gatchalian, nakasaad na mababawasan ng P25 kada oras ang taxable income ng mga empleyadong naka-WFH.

Bukod dito, ang mga allowances o iba pang mga benepisyong hindi lalagpas sa P2,000 kada buwan na ibinibigay para sa mga empleyado upang matugunan ang kanilang pangangailangan habang naka-WFH ay ituturing na non-taxable benefit.

"The work-from-home revolution, which has been accelerated by the pandemic, has numerous advantages that benefit not just the workers concerned. A major benefit of this program is that it will ease traffic congestion especially as in-person classes resume and many businesses are now in full operation," ani Gatchalian.

Muli ring iginiit ng senador na ang pagpapatupad ng WFH setup ay makakatulong upang mabawasan ang araw-araw na gastos sa gasolina. Malaki rin umano ang epekto nito sa pagiging mas produktibo ng mga empleyado sa kanilang trabaho ayon sa iba't ibang pag-aaral.

"Ang remote working arrangement ay nagpapalawak ng work-life balance ng ating mga empleyado. Bukod sa nagpapataas ito ng productivity at mas nagiging competitive ang mga kompanyang nagpapatupad nito, nakakatulong pa itong mapabuti ang kalusugan ng ating mga kababayan," pagpapatuloy pa nito.

Source: PNA

